# Tatlong Linggo Na Lang at Deadline na ng Aplikasyon Para sa Tulong sa Sakuna ng FEMA

**Release Date: Disyembre 22, 2022**

**BRANDON, Fla**. - Mahigit 900,000 pamilya ang nag-apply para sa pederal na tulong sa sakuna, pero tatlong linggo na lang ang natitira para makapag-apply para sa mga pinsalang dulot ng Bagyong Ian.  Ang mga nakaligtas na naninirahan sa isa sa 26 na county na itinalaga para sa pederal na tulong sa sakuna para sa Bagyong Ian ay hinihikayat na mag-apply.

Kailangang magsumite ng mga may-ari ng bahay, nangungupahan, at may-ari ng negosyo ng kanilang aplikasyon sa Ene. 12 para maisaalang-alang para sa tulong sa sakuna sa ilalim ng Programa sa mga Indibidwal at Pamilya. Dapat mag-apply ang mga nakaligtas sa FEMA kahit may insurance sila. Maaaring magbigay ng tulong ang FEMA sa mga kuwalipikadong nakaligtas na walang insurance sa sakuna.

Ang mga naapektuhan ng Bagyong Ian at may insurance ay hinihikayat na mag-file muna ng claim para makuha ang insurace nila para sa pinsalang nagawa ng bagyo sa bahay nila, sasakyan, at negosyo bago sila mag-apply sa tulong ng FEMA. Puwedeng mag-apply ang mga nakaligtas sa FEMA online sa www.DisasterAssistance.gov/ o tumawag sa 800-621-3362. Tumatanggap araw-araw ng libreng tawag ang numerong ito na may mga operator na iba't iba ang wika, 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET. Puwede ring magparehistro ang mga nakaligtas sa anumang Disaster Recovery Center (DRC, Sentro ng Pagbangon Mula sa Sakuna) sa lahat ng napinsalang county sa buong Florida. Para mahanap ang pinakamalapit na lokasyon, magpunta online sa: DRC Locator.

Ang deadline sa Ene. 12 ay para din sa mga aplikasyon ng utang na may mababang interes para sa sakuna mula sa Small Business Administration (SBA, Administrasyon ng Maliliit na Negosyo) ng U.S. Ang SBA ang pangunahing pinagkukunan ng pera ng pederal na gobyerno para sa pag-aayos ng mga pribadong ari-arian na napinsala ng sakuna. Tinutulungan ng SBA kahit gaano



Page printed at fema.gov/tl/press-release/20221222/fema-disaster-assistance-application-deadline-three-weeks-away

04/24/2025

kalaki ang negosyo, ang mga pribadong nonprofit na mga organisasyon, may-ari ng bahay, at pondo sa pag-aayos ng mga nangungupahan at gumagastos sa pagpapalit ng mga nawala o personal na ari-ariang nasira ng sakuna.

Ang Tulong sa Bahay at Tulong Iba Pang Pangangailangan ng FEMA ng grant para sa gastos sa medikal, dental, at libing ay hindi na nangangailangan ng aplikasyon ng indibidwal sa utang sa SBA. Pero ang mga aplikanteng ipinasa sa SBA ay dapat na magkumpleto at magsumite ng aplikasyon ng utang sa SBA para isaalang-alang sa karagdagang tulong sa sakuna. Maaaring ibalik sa FEMA ang mga aplikanteng hindi kuwalipikadong umutang sa SBA para maisaalang-alang sa Tulong sa Iba Pang Pangangailangan. Ang numero ng Customer Service Center ng Sakuna ng SBA ay 800-659-2955. Matutulungan ka rin kung magpapadala ka ng email sa: disastercustomerservice@sba.gov o bumisita sa www.sba.gov Ang mga nakaligtas ay puwedeng mag-apply online sa secure website ng SBA: disasterloan.sba.gov/ela/.

Ang mga negosyong hindi pa nakapagsumite ng aplikasyon sa utang para sa negosyo sa SBA ay puwedeng mag-apply online gamit ang Electronic Loan Application (ELA, Elektronikong Aplikasyon sa Utang) sa secure website ng SBA sa disasterloanassistance.sba.gov/ela/s/ sa ilalim ng SBA declaration #17644. Puwedeng bumisita ang mga negosyo, may-ari ng bahay, nangungupahan, at mga non-profit sa Sentro ng Pagbangon ng Negosyo o Sentro ng Pagbangon sa Sakuna para humingi ng tulong sa pagsusumite ng aplikasyon o para humiling na muling isaalang-alang ang desisyon sa utang nila.

Makukuha ang mga impormasyon sa utang dahil sa sakuna at mga form ng aplikasyon sa Customer Service Center ng SBA sa 800-659-2955 (para sa mga bingi, nahihirapang makarinig, o may problema sa pagsasalita, i-dial ang 7-1-1 para ma-access ang mga serbisyo para sa telecommunications relay) sa mag-email sa disastercustomerservice@sba.gov.

Ang deadline ng pagpapasa ng aplikasyon para sa pinsala sa pisikal na ari-arian ay sa Ene. 12, 2023. Ang deadline ng pagpapasa ng aplikasyon para sa pinsala sa kabuhayan ay sa Hunyo 29, 2023.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon ng Florida mula sa Bagyong Ian at Nicole, bisitahin ang floridadisaster.org/info at fema.gov I-follow ang FEMA Region 4 (@femaregion4) / Twitter at ang facebook.com/fema.

###